フィリピノ語

# Bakuna Laban sa Covid-19

## Abiso para sa Ikatlong Pagbabakuna Laban sa Covid-19

Isasagawa ang ikatlong pagbabakuna laban sa Covid-19 para sa mamamayan ng lungsod. Ang mga nagnanais mabakunahan ay maaaring makatanggap ng bakuna, huminahon at hintayin lamang na dumating ang vaccine voucher.

### Makakatanggap ng Bakuna

Ang mga sumusunod:

●nakumpleto ang dalawang beses na pagbabakuna

●8 buwan o higit pa mula sa araw kung kailan nakumpleto ang ikalawang bakuna

※ 6 buwan para sa mga medical worker atbp. / 7 buwan o higit pa sa matatanda

●higit 18 ang edad

### Iskedyul sa Pagbabakuna

Hanggang September 30, 2022 (katulad rin ng una at ikalawang pagbabakuna)

### Iskedyul sa Pagpapadala ng Vaccine Voucher

【Nakasaad na Iskedyul sa ngayon】

| Araw matapos ang ikalawang bakuna | Iskedyul sa pagpapadala ng vaccine voucher | Iskedyul na maaaring tumanggap ng ikatlong bakuna |
|---|---|---|
| Matatanda: ~Hulyo 15, 2021<br>At iba pa: ~Hunyo 20, 2021 | Enero 17 at 24, 2022 hahatiin sa 2 beses ang pagpapadala | Febrero 2022 |
| Matatanda: ~Agosto 15, 2021<br>At iba pa: ~ Hulyo 15, 2021 | Febrero 14 at 21, 2022 hahatiin sa 2 beses ang pagpapadala | Marso 2022 |
| Matatanda: ~September 15, 2021<br>At iba pa: ~ Agosto 15, 2021 | Marso 11, 2022 | Abril 2022 |


●Maaaring magbago ang iskedyul sa pagpapadala ng vaccine voucher batay sa sitwasyon.

●May mga iskedyul na hindi maaaring mabakunahan kapag natanggap ang vaccine voucher. Mangyaring kumuha ng reserbasyon na ang petsa ng bakuna ay pagkatapos ng araw kung kalian possible ang ikatlong pagbabakuna.

### Mga bagay kalakip ng Vaccine

**Mga dadalhin sa araw ng Pagbabakuna**

① (kaliwang bahagi) Vaccine Certificate, (kanang bahagi) Prevaccination Screening Questionnaire at Vaccine Voucher



Punan ang mga kinakailangang item sa Prevaccination Screening Questionnaire sa kanang bahagi at dalhin ito kasama ng iyong <u>mga dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan</u>. Pagkatapos ng pagbabakuna, ito ay itatala sa sertipiko ng pagbabakuna sa kaliwang bahagi, kaya't huwag itong paghiwalayin.

②Abiso (1 pirasong papel nakalimbag ang magkabilaan)



## Cross-vaccine

Ang pagbabakuna ng ibang uri ng bakuna mula sa una at pangalawang dosis ay tinatawag na "cross-vaccine". Dahil ang supply ratio ng bakuna na gagamitin (Pfizer at Takeda/Moderna) ay iba sa una at pangalawang dosis, mangyaring isaalang-alang ang cross-vaccine.
Para sa impormasyon sa pagiging epektibo, kaligtasan, at mga side reaction ng cross-vaccine, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare na「Covid Vaccine Q & A」.

Ministry of Health, Labor and Welfare website →

## Bakuna para sa Masa

**■Venue:**

Febrero: Naka Shoubousho Chuuou Bunsho, Aeon Town Yokkaichi Tomari, Health Plaza
Marso: Naka Shoubousho Chuuou Bunsho, Aeon Town Yokkaichi Tomari, Health Plaza, Chuuou Dai-2 Taiikukan
Abril～: Naka Shoubousho Chuuou Bunsho, Aeon Town Yokkaichi Tomari, Health Plaza, Chuuou Dai-2 Taiikukan, Jibasan Mie

**■Bakuna:** Takeda/Moderna (pansamantala)

**■Tanggapan ng Reserbasyon:** Mula Enero 19, 2022

**■Paraan sa Pagkuha ng Reserbasyon:** online / call center

Pagkuha ng online reservation, tingnan ang bar code sa may kanan

**Pangunahing tinatanggap ang para sa ikatlong pagbabakuna sa pamamagitan ng online reservation, ngunit para sa mga hindi pamilyar sa online, mayroong support desk na binuksan sa general hall 1F (weekdays 8:30~17:15) upang magbigay suporta sa inyong online reservation.**

## Indibidwal na Pagbabakuna

Para sa mga institusyong medikal na nagbibigay ng mga indibidwal na pagbabakuna, tingnan ang bar code sa kanan.

**■Bakuna:** Pfizer

**■Simula ng Tanggapan sa Reserbasyon:** katapusan ng Enero 2022

**■Simula ng Pagbabakuna:** mula Febrero 1

**Huwag gawin ang pagkuha ng dobleng reserbasyon para sa pagbabakuna sa masa at indibidwal na pagbabakuna o pagkuha ng dobleng reserbasyon sa institusyong medikal. Hinihiling namin ang inyong kooperasyon upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng taong nagnanais magpabakuna.**

## Para sa mga nagnanais tumanggap ng Una o Ikalawang Pagbabakuna

●Edad 12 taong gulang o higit pa

Maaaring magpabakuna sa Mitaki General Hospital, at Yamanaka Gastroenterology Hospital. Direktang gawin ang pag-kontak sa bawat institusyong medikal para sa inyong reserbasyon atbp.

●Edad 5 hanggang 11 taong gulang

Sa kasalukuyan, ang mga taong wala pang 12 taong gulang ay hindi maaaring tumanggap ng bakuna. Sa hinaharap, kapag aprubahan na ng bansa, sasaklawin ito, ipagbigay alam namin agad sa inyo ang mga detalye.

**【Kontak】 Bakuna Laban sa Covid-19 Yokkaichi call center ☎ 059-327-5990**

Ang abiso na ito ay batay sa impormasyon noong Disyembre 28, 2021.
Maaaring magbago dahil sa mga pambansang patakaran sa hinaharap. Ang abiso ng mga impormasyon ay iaanunsyo sa homepage（HPID1611134480393）ng lungsod anumang oras.